

COVID-19: ORAS NA BA UPANG MAGPASURI?



Upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19, karamihan sa atin ay kinakailangang magpasuri paminsan minsan – kahit wala tayong sintomas. Piniprotektahan nito ang ating mga pamilya at kaibigan, at isang magandang paraan upang makatulong sa paglaban kontra sa coronavirus. Ngunit paano mo malalaman kung kinakailangan mong magpasuri, and kailan? Tingnan ang listahang ito – kung isa sa alinmang mga nakasaad at naaangkop para sa iyo, oras na upang kumuha ng libreng pagsusuri para sa COVID-19.

Oras na ba upang magpasuri? Ang sagot ay OO kung:

- ☑ Maaaring nahawa ka sa isang taong may COVID-19. Magpasuri sa loob ng 5-7 na araw pagkatapos ng pagkikita. Magkaroon ng karagdagang pag-iingat sa loob ng 14 na araw pagkatapos nito.
- ☑ Ikaw ay pumunta sa isang malaking pagsasalo tulad ng kasal, isang pagdiriwang, o isang protesta, sa loob o labas, at hindi ka nagsuot ng mask o hindi napanatili ang pisikal na pagdidistansiya. Pumunta ka sa isang salu-salo na ginanap sa loob ng gusali

kasama ang mga taong hindi nakatira sa inyong bahay. Magpasuri sa loob ng 5-7 na araw pagkatapos ng pagdiriwang.

- ☑ Kung ikaw ay nagtatrabaho bilang first responder o sa isang importanteng industriya, tulad na nasa pamilihan, mga tanggapan ng doktor at mga botika, at ang iyong employer, ang lungsod o estado ay nag-aalok ng mga libreng asymptomatic testing. Kung maaari, mainam na ikaw ay magpasuri kahit isang beses sa bawat dalawang linggo.
- ☑ Ikaw ay malapitang nagtatrabaho kasama ang iba sa labas ng iyong tahanan, halimbawa ay sa nursing home, food processing plant, o kompanyang may kinalaman sa paglilipat o outdoor landscaping, at ang iyong employer, lungsod o o estado ay nag-aalok ng mga

libreng asymptomatic testing. Mainam na ikaw ay magpasuri kahit isang beses sa bawat dalawang linggo kung maaari.

- Umupo ka sa loob ng isang bar o restawran ng walang suot na mask at hindi mo napanatili ang pisikal na pagdidistansya. Magpasuri sa loob ng 5-7 na araw pagkatapos ng pangyayari. Magkaroon ng karagdagang pag-iingat sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng pangyayaring ito.
- Sumakay ka ng eroplano o naglakbay ka ng ilang araw gamit ang sasakyan at hindi ka nakapagdistansya at laging nakapagsuot ng mask (halimbawa, ang airline ay nagpaupo ng tao sa tabi mo o isa itong mahabang biyahe at kinailangan mong kumain sa loob ng airport, o tumigil sa isang hotel). Magpasuri sa loob ng 5-7 na araw pagkatapos ng pangyayari. Magkaroon ng karagdagang pag-iingat sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng pangyayaring ito.
- Ikaw ay buntis. Kausapin ang iyong doktor kung kailan ang tamang oras ng magpapasuri.
- Mayroon kang pinagbabatayang medikal na kondisyon tulad ng diabetes, sakit sa puso o sa baga, o nakompromisong immune system, at bumisita ka sa isang lugar na mayroong malaking panganib tulad ng bar, isang salu-salo o paaralan. Magpasuri sa loob ng 5-7 na araw pagkatapos ng pangyayari. Magkaroon ng karagdagang pag-iingat sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng pangyayaring ito.
- Ikaw ay may edad na 65 at ikaw ay nakikipagkita sa mga kaibigan, nagtatrabaho sa labas ng iyong tahanan, o pumunta sa mall o iba pang mga lugar sa komunidad. Magpasuri sa loob ng 5-7 na araw pagkatapos ng pangyayari. Magkaroon ng karagdagang pag-iingat sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng pangyayaring ito.
- Mayroong malakihang pagkalat sa inyong komunidad. Kahit na mayroong pagkalat sa isang paaralan, kolehiyo o kulungan, ang mga taong natatrabaho doon ay maaaring nakasalamuha ka. I-tsek ang website ng iyong lungsod o estado para sa mga impormasyon patungkol sa mga libreng pagpapasuri upang mapigilan ang pagkalat.

#TakeTheTest

Make your voice heard! Share your testing experience on social media